

Ibabalik ng Pasadena Transit at Pasadena Dial-A-Ride ang paghingi ng balidong pagbabayad sa pamasaha para makasakay simula Lunes, Abril 12. Hinihikayat ang mga pasahero na gumamit ng TAP card na na-load ng buwanang pass ng Pasadena Transit, membership sa Dial-A-Ride, o Stored Value para bayaran ang kanilang pamasaha. Maaari nang ma-load ang mga TAP card sa iPhone o Android device. Tinatanggap din ang pagbabayad gamit ang cash.

Para sa higit pang impormasyon sa TAP program, bisitahin ang <https://www.taptogo.net/>.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga pamasaha sa Pasadena Transit, bisitahin ang <https://www.cityofpasadena.net/pasadena-transit/fares/>

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga pamasaha sa Pasadena Dial-A-Ride, bisitahin ang <https://www.cityofpasadena.net/pasadena-transit/dial-a-ride/>

**Sa panahon ng pandemyang ito, hinihikayat namin kayong gamitin lamang ang transportasyon para sa inyong mga esensiyal na lakad.** Mangyaring tandaan, Pederal na kinakailangan na magsuot ng pantakip sa mukha kapag nakasakay sa sasakyan ng transit, kasama ang Pasadena Transit at Pasadena Dial-A-Ride. Magbibigay ng mga pantakip sa mukha kung wala ka nito.

Malapit na nakikipagtulungan ang Pasadena Transit at Pasadena Dial-A-Ride sa Departamento ng Kalusugan ng Lungsod ng Pasadena para subaybayan ang sitwasyon ng COVID-19, na kilala rin bilang Coronavirus, at nagpatupad kami ng ilang hakbang kapag nakasakay sa aming mga bus para tulungang protektahan ang aming mga kostumer at operator ng bus.

Masinsinang nililinis ang lahat ng sasakyan ng Pasadena Transit at Pasadena Dial-A-Ride nang hindi kukulangin sa isang beses kada araw. Ang ibig sabihin nito ay dinidisinpekta ang bawat patungan o ibabaw mula sa sahig hanggang sa kisame. Dagdag dito, nilinis ng mga operator ng bus ang mga patungan o ibabaw na madalas na mahawakan sa buong araw.

Kasama sa mga karagdagang hakbang na ginagawa ang:

- Paglilimita sa bilang ng mga pasahero sa sasakyan para makatulong na maglaan ng espasyo sa pagitan ng isa't isa (maaaring mapasailalim sa pagbabago ang mga ito habang nagbabago ang mga kondisyon)
- Pagharang sa ilang upuan sa aming mga bus para hikayatin ang pagkakaroon ng distansiya sa isa't isa
- Mga sanitizer para sa kamay sa lahat ng bus
- Mga harang sa nagmamaneho sa lahat ng bus

Sumali ang Lungsod ng Pasadena sa Health and Safety Commitments Program (Programang sa Mga Pagtuon sa Kalusugan at Kaligtasan) ng American Public Transportation Association (APTA). Binibigyang-kahulugan ng Programa ang apat na pangunahing kategorya ng mga responsibilidad – para sa bawat kaakibat na ahensiya sa transportasyon at para sa kanilang mga pasahero – na ginagawa itong isang tunay na pakikiakibat para sa kalusugan at kaligtasan. Ang mga iyon ay:

- Pagsunod sa mga alituntunin sa pampublikong kalusugan mula sa mga opisyal na pinagmulan

- Pagprotekta sa isa't isa sa pamamagitan ng paghiling ng mga pantakip sa mukha at iba pang proteksiyon
- Pagpapanatiling may kaalaman at kakayahan ang mga pasahero na piliin ang mga pinakaligtas na oras at ruta para sumakay
- Pagbibigay ng priyoridad sa kalusugan sa pamamagitan ng paghiling sa mga sumasakay at empleyado na iwasan ang pampublikong transportasyon kung nalantad sila sa COVID-19 o pakiramdam nila ay may sakit sila

Para sa higit pang impormasyon sa programa, mangyaring bisitahin ang <https://apta.com/commitments/>